

# Sarbey hinggil sa Filipino, Gawad Balmaseda, at mga aktibidad sa pagsasalintinalakay sa Kapihan ng KWF

Tinipon muli ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang midya para sa mga makabuluhang talakay hinggil sa wika at kulturang Filipino sa Kapihang Wika na nangyari noong 27 Oktubre 2015, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA).

Naunang inulat ang isinagawang sarbey ng KWF hinggil sa mga programa ng Filipino sa mga Kolehiyo at Unibersidad. Ang isinagawang sarbey sa kabuuang 145 kolehiyo at unibersidad ay magsisilbing gabay ng KWF sa mga kaukulang hakbang sa pagpapaunlad ng paggamit ng wikang Filipino sa antas tersiyarya.

Sumunod na nag-ulat si Dr. Benjamin Mendillo, punò ng Sangay ng Salin, hinggil sa mga gawain sa pagsasalintinalakay ng KWF. Kabilang dito ang kauna-unahang programang sertipiko ng KWF para sa mga tagasalintinalakay na mangyayari sa 11–12 Nobyembre.

Sa hulíng bahagi ng programa, nagpanayam si Dr. Marlon S. Delupio hinggil sa kilusang Sakdalista. Kasama sa tinalakay ni Delupio ang mithiin ng kilusang panlipunan at mga kritikal na aspektong nakapaloob sa kanilang panulat at lathalain, partikular ang pahayagang *Sakdal*.

Si Dr. Delupio ang kauna-unanahang nagwagi ng Gawad Julian Cruz Balmaseda para sa kaniyang disertasyon tungkol sa mga Sakdalista, ang *Sakdal: Kasaysayang Pangkalinangan ng Isang Kilusang Panlipunan, 1930-1938*. Para sa kaniyang disertasyon, tumanggap siya ng PHP 100,000.00 at karapatang mailimbag sa ilalim ng KWF Aklat ng Bayan.

*Nása ikalawang taon na ang Gawad Julian Cruz Balmaseda at tatanggap ito ng mga tesis at disertasyon sa agham, matematika, at agham panlipunan na nakasulat sa wikang Filipino. 27 Nobyembre 2015 ang hulíng araw ng pagpapása at maaaring makakuha ng karagdagang detalye sa [kwf.gov.ph](http://kwf.gov.ph).*